# Kinakailangan namin kayo sa Konseho ng Paaralan ng St. Mark

## Ano ang konseho ng paaralan at ano ang layunin nito?

Ang konseho ng paaralan ay isang grupo ng mga magulang, mga tagapag-alaga at mga miyembro ng komunidad na nagtitipon-tipon kada buwan sa paaralan, kasama ang punong guro at mga guro, para magbigay ng pagtuturo kung papaano nila ninanais na makita kung papano ang paaralan ay pinamamahalaan nang sa ganon ito ay pinatatakbo tungo sa pinakamabuting kapakinabangan ng mga estudyante at komunidad na pinaglilingkuran nito.

## Bakit tayo ay mayroong konseho ng paaralan?

Sa Alberta, bawat isang paaralan ay binabatasan ng gobyerno na magkaroon at maghandog ng isang konseho.

## Ano ang ginagawa ng mga konseho ng paaralan?

Ibinabahagi ng mga miyembro nito ang mga akalain at naghahandog ng mga opinyon sa pamahalaan ng paaralan sa mga desisyong nakakaapekto sa pangkalahatang operasyon ng paaralan.

## Ano ang mga tungkulin ng mga miyembro na bumubuo ng konseho ng paaralan?

Ang mga miyembo ng konseho ay binubuo ng mga magulang, mga tagapag-alaga, mga maninirahan ng komunidad, mga guro at tagapamahala. Lahat ng mga miyembro ay tinatanggap na dumalo sa mga pagpupulong ng konseho at maging "mga miyembrong pangkalahatan ." Sa nalolooban ng bawat isang konseho ng mga magulang, may mga bilang ng pwesto para tumulong sa pagbubuo ng mga pagpupulong para magtakda ng mga layunin para sa taon, at para magplano ng mga gawain Ilan sa mga mahahalagang tungkulin ay nagsasama:

- Ang Taong Namumuno (Chair Person) ay bumubuo, lumilikha at nagplaplano ng mga pagpupulong.
- Ang Kalihim ay kumukuha ng mga nota kung ano ang nangyari sa mga pagpupulong at pinapapanatiling bukas ang mga linya ng komunikasyon sa pamamag-itan ng mga nota at email.
- Ang Ingat-Yaman ay sumusubaybay sa mga lumalabas at dumarating na pera na nanggagaling sa pangongolekta ng pondo o mga donasyon.
- Ang Fundraising Coordinator ay nagsasaliksik ng mga oportunidad sa mga panglalakap ng pondo (fundraising) at nagplaplano ng mga panglalakap ng pondo at nagre-recruit ng mga boluntir para tumulong.

## Ano ang nakatalagang panahon (time commitment) para sa konseho ng paaralan?

Isang 2-oras na pagpupulong kada buwan at anumang gawain na nagmumula sa mga desisyon at mga bagay na dapat isakatuparan na nalikha mula sa resulta ng buwanang pagpupulong.

## Papaano ka makikinabangg sa pagsali sa konseho ng magulang?

Nakita mula sa mga pag-aaral na kung ang isang pamilya ay higit na nakikiugnay sa edukasyon ng kanilang anak, mas malaki ang tagumpay na makakamit ng bata. Kasama nito ay ang matataas na marka at resulta ng mga pagsusulit, mas mabuting pagpasok, pagkumpleto sa mga gawaing pambahay, mas positibong panan-aw at mas mabuting pag-uugali. Magkakamit din ng pakiramdam ng pakikisalamuha mula sa iba pang mga miyembro at mga guro.

**Ano ang mga nakamit ng Konseho ng Paaralan ng St. Mark?**

Mga Pangangalap ng Pondo (Fundraisers)

- Nakakalap ng mahigit  na $80,000 para bumili ng mga bagong kagamitan sa paglalaro, mga kompyuter at isang fridge
- Pinunduhan ang mga pagsasayaw sa paaralan na may kasamang propesyonal na DJ
- Binayaran ang swimming pool at mga panlibangang pasilidad para sa Lion's Day

**Papaano ka makakapag-bigay sa konseho ng paaralan?**

Dalahin ang inyong mga panana-aw. Makisalamuha sa kultura at mga prayoridad ng paaralan. Ibahagi ang inyong mga kalakasan, karunungan at abilidad.  Magkaroon ng bukas na isipan. Himukin ang iba. Gumawa ng mga desisyon kung papaano gagastusin ang pera mula sa paglakap ng pondo (fundraising**).**

**Papaano kayo makakasali sa ating konseho?**

Sumali ng personal o online. Abangan ang mga petsa at mga links na ipinadala sa newsletter ng paaralan.